PROSESO SA PAGBABAWAS NG PANGANIB SA KALUSUGAN

Regular na sinusuri ng Air District ang lahat ng pasilidad upang malaman kung naglalabas ang mga ito ng sobrang nakakalason na polusyon sa hangin, na puwedeng humantong sa mas matataas na panganib sa cancer o iba pang epekto sa kalusugan. Kung nagdudulot ng sobrang polusyon ang isang pasilidad, magsasagawa ang Air District ng Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan (Health Risk Assessment, HRA) para sa pasilidad. Kung lalampas sa antas at maaapektuhan ang kalusugan, dapat na gumawa at magpatupad ang pasilidad ng Planong Pagbawas sa Panganib (Risk Reduction Plan, RRP) para mabawasan ang mga epekto sa kalusugan.

Magsasagawa ang Air District ng mga HRA para ma-estima ang mga epekto sa kalusugan ng mga toxic na emisyon ng pasilidad sa mga taong nakatira, nagtatrabaho, o nag-aaral malapit dito, gamit ang mga data tungkol sa emisyon ng pasilidad upang ma-estima ang tatlong epekto sa kalusugan: panganib sa cancer, iba pang long-term chronic na epekto sa kalusugan, at short-term acute na epekto sa kalusugan. Kung ang isang epekto sa kalusugan ay lampas sa limit ng panganib na action level na nakatalaga sa Panuntunan 11-18, kinakailangang magpatupad ng RRP ang pasilidad. Dapat ipakita sa Plano kung paano babawasan ng pasilidad ang mga epekto sa kalusugan na mababa pa sa panaganib action level na nakasaad sa Panuntunan 11-18 o dapat nilang ipakita na ginagamit nila ang pinakamahusay na available na teknolohiya para mabawasan ang emisyon. Ang publiko ay may 45 na araw para masuri at makapagkomento sa HRA at RRP bago ito aaprobahan ng Air District.



BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT
www.baaqmd.gov